# MUSIKA
## Ika-apat na Baitang

## Modyul 14

## TUNUGANG C



### ALAMIN MO

Sa araling ito ay mararanasan mong umawit sa tunugang C.

Narito ang iskala sa tunugang C.




Ang **do** sa iskala ng tunugang C mayor ay matatagpuan sa unang dagdag guhit sa ibaba (l*eger line*) ng limguhit samantalang ang **mataas na do** ay nasa ikatlong puwang.

Ang tunugang C ay walang pantaas o sustenido ( # ) at pambaba o bimol ( *b*) sa tunugang bilin na matatagpuan sa unahan ng notasyon.




### GAWIN MUNA

1. Awitin mo nang paulit-ulit ang iskalang C.



2. Basahin at awitin mo ang mga sumusunod na tono.





## PAG-ARALAN MO


1. Awitin mo "Ang Huni ng Ibong Pipit".





2. Awitin mo din ang mga so-fa silaba na nakasulat sa ilalim ng notasyon ng awit.
    - Anu-ano ang mga notang ginamit?
    - Ano ang huling tono ng awit?
    - Saang nota nagtapos ang awit?
    - Ano ang ngalang pantono ng do (C)

3. Awitin mo ang iskala ng tunugang C.





mababang do    mataas na do




## SUBUKAN MO


Iguhit mo ang mga apating nota sa limguhit ayon sa nakalagay na so-fa-silaba.

A. 


mi so la

D. 


mi fa so

B. 


so so la

E. 

la ti do


C. 

do re mi

F. 

fa mi re





## TANDAAN MO


Ang isang awit o tugtugin ay nasa **Tunugang C mayor** kapag walang pantaas o sustenido ( # ) at pambaba o bimol ( *b*) sa tunugang bilin (key signature) na matatagpuan sa unahan ng notasyon. Ang awit ay nagtatapos sa notang **do** o **C**.



## PAGTATAYA

Sagutin mo nang matapat. Lagyan mo ng (✓) kung ikaw ay masaya o hindi.

| | ☺ | ☹ |
|---|---|---|
| 1. Natutukoy ko ba ang mga notang bumubuo ng tunugang C? | | |
| 2. Naaawit ko ba ang mga nota ng tunugang C? | | |
| 3. Naaawit ko ba nang wasto ang mga awitin sa tunugang C? | | |



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

